# Ikaw ba ay nakahanda sa sakuna?

Ang mga matinding kaganapan sa panahon ay nangyayari anumang oras ng taon sa Queensland at nakakaapekto sa iyo at iyong pamilya at nakakasira ng ari-arian. Kabilang dito sa mga kaganapan ay mabagsik na bagyo, pagbaha, unos, lindol o sunog sa parang.

Hindi natin makokontrol ang panahon, ngunit maaari tayong maghanda.

Bago pa ang sakuna, i-tsek kung mayroon kang:

- Isang plano na pang-emergency para sa iyo at iyong pamilya, kasama ang plano para sa iyong mga alagang hayop
- listahan ng mga pang-emergency na matatawagan
- kasalukuyang paseguro
- magbaon ng isang pang-emergency kit.

Para sa karagdagang Impormasyon at mga pabalita sa paghahanda sa sakuna, bisitahin ang **www.getready.qld.gov.au**

## Saan makakakuha ng tulong matapos ang isang sakuna

**Ang suportang pang-emosyonal at praktikal ay makukuha sa pamahalaan at mga di-para-kumita na mga samahan para sa mga taong apektado ng sakuna.**

### Pangpersonal na suporta at pagpapayo

Tunay na karaniwang makakaranas ng hanay ng mga emosyon matapos ang isang sakuna. Ang pangpersonal at praktikal na suporta ay makukuha kung ikaw ay dumaranas ng pagkabalisa o nahihirapang kayanin ang pangyayari.

Humingi ng tulong kung ikaw, isang miyembro ng pamilya o kaibigan ay:

- nakakaranas ng pagkabalisang emosyonal o sikolohikal
- pakiramdam ay pagod, iritable o may napansing mga pagbabago sa iyong ganang kumain o mga sistema ng pagtulog
- napansing mga pagbabago sa pag-uugali katulad ng paglakas ng inom ng alak o ibang mga droga o lumalayo sa karamihan
- kailangan lamang may makausap na tao.

### Pangpersonal na suporta at mga matatawagang mga kontak

- Lifeline Australia (pagpapayo) – **13 11 14**
- Australian Red Cross – **1800 733 111**
- St. Vincent de Paul – **13 18 12**
- Queensland Health – **13 HEALTH (13 43 25 84)**
- Tulong sa Pabahay (Housing Assistance) – **13 QGOV (13 74 68)**
- State Emergency Service (SES) – **13 25 00**
- Community Recovery Hotline – **1800 173 349**

Upang humanap ng mga kontak sa lokal at pangkalahatang mga makukuhang serbisyong pangsuporta ng komunidad sa iyong lugar, bisitahin ang **www.qld.gov.au/disasterhelp** at hanapin (search) 'regional community support'.

# Pantulong sa pinansya

**Ang pantulong sa pinansya at mga serbisyo sa suporta ay maaaring makuha kung ikaw ay naapektuhan ng isang sakuna.**

Ang pantulong ay ibinibigay sa pamamagitan ng magkasamang-pinondohan ng Komonwelt – Estadong Pagbangon sa Sakuna na Mga Kaaregluhan sa Pagpopondo (Commonwealth-State Disaster Recovery Funding Arrangements)(DRFA).

# Mga tulong-na-pera ng pamahalaan (Grants)*

- **Emerhensyang Pantulong sa Kahirapan (Emergency Hardship Assistance)** – para sa mga taong nasa mga lugar ng nagaganap ang sakuna upang makatulong sa daglian at apurahang mga pangangailangan gaya ng pagkain, damit at mga gamot.
- **Mahalagang Mga Kagamitan sa Bahay na Grant (Essential Household Contents Grant)** – upang matulungan ang mga taong nasa mga lugar na nagaganap ang sakuna na hindi nakaseguro o hindi makapaghabol sa paseguruhan upang mapalitan ang mahalagang mga kagamitan sa bahay.
- **Mahalagang Mga Serbisyo sa Kaligtasan at Pagkokonekta Ulit na Grant (Essential Services Safety and Reconnection Grant)** – para sa mga taong nasa mga lugar na nagaganap ang sakuna upang makatulong sa pagpakonekta ulit sa mga mahalagang serbisyo katulad ng elektrisidad, gas, tubig, imburnal o mga sistema ng imbakan ng pagdumi.
- **Mga Mahalagang Serbisyo na Tulong sa Kahirapan na Grant (Essential Services Hardship Assistance Grant)** – sumusuporta sa mga taong direktang naapektuhan ng sakuna upang matugunan ang dagliang mga pangangailangan kung ang isa o mahigit pang mga mahalagang serbisyo ay naputol ng mahigit na limang araw.
- **Tulong sa Pang-istruktura na Grant (Structural Assistance Grant)** – para sa mga taong nasa mga lugar na nagaganap ang sakuna upang matulungang makumpuni ang kanilang mga bahay at gawing nasa matibay at ligtas na tinitirhan.

*May inilalapat na mga kriterya sa pagiging kwalipikado

Upang malaman kung aling mga grant ang makukuha sa inyong lugar at i-tsek kung ikaw ay kwalipikado, bisitahin ang **www.qld.gov.au/disasterhelp**

# Karagdagang Impormasyon

Nagbibigay ang Pamahalaang Queensland ng isang serbisyo sa interpreter upang magbigay ng impormasyon tungkol sa mga sakuna, grants o suporta sa iyong wika.

Tawagan ang **1800 512 451** at hilingin ang isang interpreter sa iyong gustong wika o tumawag sa Community Recovery Hotline sa **1800 173 349**.